# Paunang Salita

Makalipas ang dalawang taon matapos maitatag ang PUP Institute of Labor and Industrial Relations (PUP-ILIR), nakapaglabas noong 1988 ng pinakaunang isyu ang journal pangmanggagawa nito na *Bisig*. Itinampok sa isyung ito ang kontekstong pangkasaysayan ng kilusang paggawa, unyonismo sa mga base militar at sektor ng edukasyon, at kalagayan ng kababaihan at menor de edad na manggagawa. Para sa manunulat na si Rogelio Ordoñez na siyang editor ng nabanggit na isyu at siya ring tumatayo noong direktor ng ILIR, inihahandog ang mga artikulo ng *Bisig* sa "uring manggagawa" bilang "testamento ng pakikiisa sa mga hinaing at suliranin, at mga pangarap at adhikain ng mga manggagawang Pilipino." Bagamat may mga pag-antala sa produksyon, makalipas ang ilang dekada ng pag-iral ng *Bisig* bilang lunan ng mga saliksik at maging ng malikhaing akda na nagtatampok ng kalagayan ng uring manggagawa at anakpawis sa lipunang Pilipino, narito pa rin ang journal pangmanggagawa, nagpapatuloy sa pagsisikap na mabigyang tinig ang sektor na siyang pangunahing pinagsisilbihan nito mula pa noong 1988. Nakaangkla ang pagsisikhay na ito sa nagpapatuloy na krisis panlipunan kung saan lagi't lagi pa ring naisasagilid ang batayang sektor na silang pangunahing pwersa ng produksyon na lumilikha ng yaman ng bansa na higit na pinakikinabangan naman ng mga uring nasa poder ng kapangyarihan. Sa pag-usad ng kasaysayan, hindi lamang nagpatuloy ang mga krisis, kundi higit ay nagluwal pa ang sistemang pinag-uugatan nito ng mga bagong kondisyon, kalakaran at kontradiksyong panlipunan. Sa konteksto ng kasalukuyang lumalalang ekonomiko at politikal na krisis na pinatindi pang lalo ng mga digmaang likha ng mga imperyalistang bansang nagtatakda ng namamayaning sistemang panlipunan, hinihingi ng pagkakataon na patuloy na tanganan ng *Bisig* ang prinsipyong ipinunla ng mga tagapagtatag nito nang sa gayon ay makalikha ng mumunting puwang ng mga posibilidad para sa tinatawag ni Ordoñez na "pakikipagkapit-bisig" sa pangarap at adhikain ng manggagawang Pilipino.

Sa isyung ito ng *Bisig*, itinatampok ang mga artikulo at piling malikhaing akda na tangan ang samot-saring usaping panlipunan kaugnay ng paggawa na mula sa iba't ibang perspektiba. Sa artikulong "Bata, Bata, Bakit ka Gumagawa? Pagkilatis sa Usapin ng Child Labor sa Maikling Kuwentong *Impeng Negro* Tungo

sa Pagsusulong at Pagpapaigting ng mga Karapatang Pambata" ni Aljohn Cueva, tinangka ang posibilidad ng pagsusulong ng adokasiya para sa karapatang pambata sa pamamagitan ng kritikal na pag-unawa sa usapin ng *child labor* sa lunan ng maikling kuwento. Hindi ito nalalayo sa pagtatampok sa kalagayan ng mga *working student* sa perspektiba ng mga guro sa artikulong "Isang Pag-unawa sa Pananaw ng mga Piling Dalubguro Kaugnay ng Pagsasabay ng Pagtatrabaho at Pag-aaral ng Ilang mga Estudyante" ni Mejedin Tena. Iginigiit ng artikulo ang kritikal na gampanin ng mga guro sa makataong ugnayan at pagkakaroon ng empatiya sa kalagayan ng mga *working student* sa konteksto ng *McDonaldized* na sistema ng edukasyon. Sinusuri naman sa artikulong "The Marikina Tripartite Industrial Peace Council Memorandum of Agreement" ni Reigh John Bench Almendras kung paano gumagana ang mekanismo ng *tripartism* sa karanasan ng mga umiiral na unyon ng manggagawa sa Lungsod ng Marikina. Sinisiyasat sa papel ang mga umiiral na hamon at oportunidad sa mga kasunduan at nagbubukas ng puwang sa kahalagahan ng kolektibong pagkilos at pakikipag-ugnayan para sa pagsusulong ng interes ng mga manggagawa.

Hindi lamang paggigiit ng espasyo at pagpapatampok sa tinig ng manggagawa ang ipinagpatuloy na pagtahak sa parlamentaryong pakikibaka ni Ka Leody De Guzman kundi ang pagtatangka na maghain ng alternatibong politika ang tinangka namang diskursuhin sa artikulong "Manggagawa Naman, Tayo Naman Ngayon! Ang Makabayang Diskurso ni Leodegario "Ka Leody" De Guzman bilang Kontra-Hegemonya" ni Nathaniel Panganiban. Sinuri sa diskurso ng wika ni Ka Leody kung paano naitatampok ang tinig ng manggagawa bilang kontra-hegemonya sa namamayaning elitistang politika. Isinama rin sa isyung ito ang artikulo ni Danilo Ramos na mula sa praymer ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), ang "Anim na Taon ng Rice Liberalization Law: Lumulubhang Krisis sa Bigas."

Makabuluhang itampok ang artikulong ito hindi lamang dahil sa konteksto ng tumitinding krisis sa bigas at atrasadong programa ng pamahalaan para sa mga magbubukid, kundi higit dahil nagmumula ito sa perspektiba ng kilusang magbubukid na silang direktang nakararanas ng krisis. Sa pamamagitan ng *Bisig*, kahit papaano'y nakapaglalaan ng espasyo sa akademikong antas sa mga usaping nakaugat sa kongkretong kalagayan ng mga batayang sektor. Bukod sa mga artikulo, itinatampok din sa isyung ito ang dalawang malikhaing akda: ang koleksyon ng tula na "Chains of Oppression" ni Christine Marie Magpile na tinatahi

ang iba't ibang magkakaugnay na naratibo ng kasaysayan ng pagsasamantala sa uring api na nakaugat sa kolonyalismo; at ang maikling kuwentong "+1" ni Benjo Gutierrez na kongkretong naglalarawan sa iniluluwal na mga bagong kondisyon at kalakaran sa paglaganap ng *gig economy* sa pamamagitan ng karanasan ng pangunahing karakter na isang rider.

Bagamat marami pang usapin at paksa hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng mga manggagawa at anakpawis ang kinakailangan pang maitampok sa *Bisig*, tulad ng sinimulan nito noong 1988, patuloy na nagsisikhay ang *Bisig* na maipadama ang ayon nga kay Rogelio Ordoñez ay "pakikipagkapit-bisig nito sa hukbo ng uring manggagawa." Maging sityo nawa ang isyung ito sa marami pang posibilidad para sa mapagpalayang saliksik at malikhaing gawaing nagtatampok sa kalagayan ng manggagawang Pilipino.

**Jomar Gonzales Adaya, MAF**
Punong Editor